

# Ano ang Tinatanong ng 2020 na Senso sa Akin?



[www.ncaatogether.org/census](http://www.ncaatogether.org/census)

Ang senso ay magsisimula ng Marso ng 2020! Ang pagresponde sa senso ay nakakasiguro na ang iyong pamilya at komunidad ay makakakuha ng pantay na rekurso, serbisyo, at pangangatawan ng gobyerno.n. Simula sa katapusan ng Marso ng 2020, ikaw ay maaaring rumesponde sa online na senso o sa pamamagitan ng telepono. Ang bawat sambahayan (kasali ang lahat ng nanirahan sa iisang address) ay kailangan na magsumite ng **isang listahan ng** bawat tao na naninirahan sa address na iyon.

## Ang 2020 na Senso ay Magtatanong sa Iyo Tungkol sa Iyong Sambahayan:

<b>Ang numero ng tao sa sambahayan ng Abril 1.</b>	<i>Isama lahat sa iyong tahanan, pati kung walang relasyon sa iyo. Ang senso ay nagbibilang ng lahat ng mga tao sa U.S., kasama ang mga maliliit na mga bata, hindi mamamayan, nangungupahan – lahat.</i>
<b>Ikaw ba ay may-ari o umuupa sa iyong tahanan?</b>	
<b>Numero ng Telepono</b>	<i>Ito ay gagamitin lamang kung kailangan para sa opisyal na pakay ng Kawanihan ng Senso.</i>

## Ang 2020 na Senso ay Magtatanong sa Iyo Tungkol sa Mga Tao na Naninirahan sa Iyong Sambahayan:

<b>Pangalan, kasarian, edad, at petsa nang kapanganakan ng bawat tao sa iyong sambahayan</b>	
<b>Relasyon sa taong pumupuna sa form</b>	
<b>Lahi</b>	<i>Ikaw ay maaaring mamili sa isa o higit pa na mga lahi. Kung ikaw ay natukoy bilang maraming lahi, ikaw ay maaaring magtsek sa kahon o mga kahon ng iyong pangkat ng lahi at isulat ang karagdagang detalye tungkol sa pinagmulan ng iyong lahi.</i>  <i>Hindi lahat ng mga grupo ng mga lahi ay nakalista bilang opsyon sa pagtsek sa kahon. Kung ang iyong pangkat ng lahi ay hindi nakalista, ikaw ay maaaring magsulat ng karagdagang detalye tungkol sa pinagmulan ng iyong lahi.</i>
<b>Hispanikong Pinagmulan</b>	<i>Ang Hispanikong pinagmulan ay kinokonsiderang lipi, hindi isang lahi.</i>  <i>Maaari mong markahan na hindi ka nagmula sa Hispaniko, o markahan na ikaw ay Hispaniko at isulat ang iyong pinagmulan na lipi.</i>

Ang form ay hindi magtatanong sa iyo ng tungkol sa katayuan ng iyong imigrasyon o pagkamamamayan.

Hindi magtatanong ang form ng iyong Social Security Number.

### **Ligtas ba ang Pakikilahok sa Senso?**

Ang iyong mga kasagutan sa senso ay kumpidensyal. Ang Kawanihan ng Senso ay hindi pinapayagan na magbahagi ng iyong inidibidwal na impormasyon sa ibang ahensiya ng gobyerno, opisyal ng imigrasyon, o sa publiko.

Kinakailangan ng batas Pederal na lahat ay makilahok sa senso at sagutin ang mga katanungan ng buong katapatan. Huwag magsinungaling pagrumeresponde sa senso. Kung ikaw ay lumaktaw sa isang katanungan, ang iyong form ay mabibilang pa rin. Ang pagsagot sa Sensus ng kabuuan ay makakatulong na matiyak na ang isang tagakuha ng census ay hindi dumating sa iyong tahanan upang makuha ang nawawalang impormasyon!

*Ikaw ay maaaring makahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa senso sa [www.countusin2020.org/resources](http://www.countusin2020.org/resources).*